## SUPPORTERS NI DIGONG

# Bagong political party, inilunsad sa QC

Bilang suporta sa programa ng administrasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte nagtayo ng kanilang sariling partido politikal ang mga taga- suporta ng Chief Executive, ang Partido Federal ng Pilipinas (PFP) sa isang seremonya sa Quezon City.

Ayon kay Atty. George Briones, General Council ng Partido Federal ng Pilipinas (PFP) bilang isang demokrasyang bansa naniniwala sila na ang isinusulong na Pederalismo na sistema ng pamahalaan ang magpapabago sa pamumuhay ng mga Pilipino.

"Mula kami sa iba't ibang hanay ng mamamayan, mga manggagawa, mga doktor, abogado, engineer, government workers, drivers at iba pa na naniniwala na sa pamamagitan ng pederalismo ay uunlad ang ating bansa at makabubuti ito para sa mga pilipino" pahayag pa ni Briones.

Sinabi ni Briones na ang PFP ay hiwalay sa partido politikal ni Pangulong Duterte na PDP-LABAN na official party nito nang tumakbo ito sa pagka-Pangulo noong nakalipas na election ng 2016.

Ayon sa Partido Federal ng Pilipinas , ang pederalismo ay isang uri ng pamahalaan na nagbibigay ng eksklusibong pamamahala sa mga rehiyon ng isang bansa. Sa Pederalismo, ang isang bansa ay nahahati sa iba't ibang estado o state kung saan ang mga ito ay may kakayahan at kapangyarihang mamuno ng malaya sa bansa tulad ng pagpapataw ng buwis at paggawa ng mga sariling batas sa lokal nito.

Bago ang press conference, nagsagawa ng kani-kanilang pag iikot sa buong Metro Manila ang mga representative ng PFP sa 16 na lunsod at isang bayan sa kalakhang Maynila.

Naiparehistro na sa Commission on Elections ang PFP. Si dating DILG USEC JV Hinlo ang Presidente ng grupo, Gen Abubakar Mangelen- PFP Chairman, QC Vice Mayor Joy Belmonte - PFP Chairman-MMLA., Gen. Tom Lantion-PFP Secretary.

Ang launching ng PFP ay dinaluhan din ng mga representative at opisyal ng PFP bawat lokalidad sa Metro Manila. *(Angie dela Cruz)*